**The Miracle**

# Ang Pagpapahayag ng Kapanganakan ni Cristo



## WARM-UP

- Magbahagi ng isang nakakagulat na balita na narinig mo kamakailan lang. Ano tungkol dito ang kumuha ng atensyon mo?
- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan napili ka para gawin ang isang trabaho o proyekto. Paano ka tumugon?
- Kapag may mga kinakaharap kang pagsubok, hinihintay mo bang bumuti ang sitwasyon o pinipilit mong malagpasan ito? Bakit?

## WORD

[26]*Nang ikaanim na buwan ng pagbubuntis ni Elizabet, inutusan ng Diyos ang anghel na si Gabriel na pumunta sa nayon ng Nazaret sa Galilea.* [27]*Pinapunta siya sa isang birhen na ang pangalan ay Maria. Nakatakda nang ikasal si Maria kay Jose na mula sa lahi ni Haring David.* [28]*Sinabi ni Gabriel kay Maria, "Matuwa ka, Maria, ikaw na pinagpala ng Diyos. Sumasaiyo ang Panginoon."*
**LUCAS 1:26–28**

(Basahin din ang **LUCAS 1:29–38** at **MATEO 1:18–25**.)

Ang Pasko ay isang pagdiriwang dahil si Jesus ang pinakadakilang himalang maaari nating matanggap. Pero kung babalikan natin ang unang Pasko, makikita nating magulo ito. Ang relasyon nina Maria at Jose ay hindi inaasahang nagbago. Ang magiging Tagapagligtas at Hari ay walang lugar kung saan Siya maipapanganak. Totoo ngang may magandang plano ang Diyos para sa sangkatauhan, pero intensyonal at nakikibahagi din Siya sa personal na buhay ng mga taong kasangkot sa unang Pasko. Gumawa ang Diyos ng himala sa kanila at sa pamamagitan nila upang Siya ay makilala ng mundo. Ngayong kapaskuhan, sa pagtatapos ng taon kung kailan nagtiwala tayong gagawa ang Diyos ng mga himala, alamin natin kung paano Niya ginagawa ang mga himala sa atin at sa pamamagitan natin.

## 1 Pinili ng Diyos si Maria upang mahimalang ipagbuntis si Cristo.

*[30]Kaya sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria, dahil pinagpala ka ng Diyos. [31]Magbubuntis ka at manganganak ng isang lalaki, at papangalanan mo siyang Jesus."* **LUCAS 1:30–31**

Nang magpadala ang Diyos ng anghel para kausapin si Maria, hindi niya maintindihan kung bakit ito nangyayari. Sinabihan siya ng anghel na huwag matakot at na magkakaroon siya ng anak na lalaki, ang *Anak ng Kataas-taasang Diyos* na magiging Hari. Nag-alangan siya, pero tiniyak sa kanya ng Diyos na nasa kanya ang Banal na Espiritu, sa kanya at sa pamamagitan niya, gagawa ang Banal na Espiritu ng mga himala dahil *walang imposible sa Diyos*. Habang pinakikinggan ito ni Maria, pinili niyang maniwala at sumunod sa Diyos. Paano ka tutugon kung pinili ka ng Diyos upang tuparin ang isang bagay na mahirap maunawaan pero napakahalaga?

## 2 Tiniyak ng Diyos kay Jose na may mahimala Siyang plano.

*[20]Habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon at nagsabi, "Jose, na mula sa angkan ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria dahil ang pagbubuntis niya'y sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. [21]Manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan mo siyang Jesus, dahil ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."* **MATEO 1:20–21**

Maaaring labis na nagulat si Jose nang malaman niyang si Maria ay nagdadalang-tao. May mga plano na siya—sila ay magkatipan at malapit nang magpapakasal. Ang balitang buntis siya ay magdudulot sa kanila ng kahihiyan at panghuhusga. Pero nangusap ang Diyos kay Jose, pinalakas ang kanyang loob upang pakasalan pa rin si Maria. Ipinaalala ng Diyos kay Jose na siya ay nagmula sa angkan ni David at sinabi Niyang ang himalang nasa sinapupunan ni Maria ay ang

ipinangakong Mesias. Bagama't tila hindi maganda para sa kanila ang sitwasyong ito, nagkaroon ng katiyakan si Jose na kasama niya ang Diyos, kung kaya't buong pagpapakumbaba siyang nagtiwala sa Kanya. Paano ka tumutugon kapag hindi nangyayari ang mga bagay ayon sa plano mo?

## 3 Ipinahayag ng Diyos na si Jesus ang ipinangakong Haring maghahari magpakailanman.

*[32]"Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng ninuno niyang si David. [33]Maghahari siya sa mga lahi ni Jacob magpakailanman; ang paghahari niya ay walang katapusan."*

**LUCAS 1:32–33**

Habang ang Diyos ay nangungusap kina Jose at Maria, ipinapaalala Niya sa kanila na ang nangyayari ay katuparan ng Kanyang pangako. Si Jesus ang Haring Tagapagligtas at sa pamamagitan Niya ay itatatag ng Diyos ang Kanyang walang hanggang kaharian (2 Samuel 7:12–16). Siya ang *Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama,* at *Prinsipe ng Kapayapaan* (Isaias 9:6), isang Haring maghahari nang may katuwiran at katarungan. Pero Siya rin ang daan kung paano ililigtas ng Diyos ang buong sangkatauhan—ang pinakadakila nga nating himala. Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa katangian at plano ng Diyos?

Kahit sa mga mahihirap na sitwasyon, nangungusap ang Diyos sa Kanyang mga mamamayan at tapat na tinutupad ang Kanyang mga pangako. Sa pagdiriwang natin ng Pasko, nawa'y magpasalamat tayo sa Diyos dahil sa kung sino Siya at kung paano Siya kumikilos, at nawa'y maipakilala natin Siya sa lahat ng nasa paligid natin.

## APPLICATION

- Tinatawag ka ba ng Diyos na gawin ang isang bagay na tila imposible? Tulad ni Maria, magtitiwala ka ba sa Diyos at sa Kanyang plano para sa iyo? Anong mga praktikal na bagay ang magagawa mo ngayong linggo ayon sa pagtitiwala mong ito?
- Balikan ang mga himalang ginawa ng Diyos sa iyo at sa pamamagitan ng buhay mo ngayong taon. Paano Siya naging tapat sa iyo?
- Kapag nakita mo ang mga kamag-anak at kaibigan mo ngayong Pasko, paano mo masasabi sa kanila kung sino ang Diyos at kung ano ang ginawa Niya para sa iyo? Tulad ni Jose, handa ka bang gawin ang isang bagay na hindi komportable at ang mahirap na desisyon para maipakilala si Jesus?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos sa pagtupad sa bawat pangako Niya, lalo na sa pagpapadala ng Kanyang Anak na si Jesus. Pasalamatan Siya dahil pinili Niyang makibahagi sa buhay mo at anyayahan kang makibahagi sa ginagawa Niyang pagtubos.
- Hingin sa Diyos ang kababaang loob upang magtiwala ka sa Kanya kahit pa hindi pabor sa iyo ang sitwasyon. Ipanalangin na sa kabila ng mga pagsubok na kakaharapin mo, magkakaroon ka ng lakas ng loob at matinding kagustuhang maipakilala Siya.
- Ipagpasalamat sa Diyos ang plano Niyang nagdadala ng tunay na kaligtasan at kapayapaan. Ipanalanging maisasapuso mo ito at maipapahayag mo ang Kanyang kabutihan at kapangyarihan sa mga makakasalamuha mo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.